# BAITANG 10
## IKATLONG MARKAHAN
# ARALIN 1

Pangalan: ______________________________

Baitang at Pangkat: ______________________________

**Pamagat: Balita: Tatlong Mag-aaral sa Batangas, Nahuli na May Dalang Marijuana sa Loob ng Paaralan**

**Panuto:** Basahin ang balita sa ibaba at sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Noong Enero 18, 2025, tatlong menor de edad na mag-aaral mula sa Balayan National High School sa Batangas ang nahuli na may dalang hinihinalang marijuana sa loob ng kanilang paaralan. Ayon sa ulat ng Philippine National Police (PNP), ang mga estudyante, pawang 15 taong gulang at residente ng mga barangay Lanatan, Dalig, at Gimalas, ay nahuli matapos makatanggap ng tawag ang Balayan Municipal Police Station mula sa head teacher ng paaralan bandang alas-5:20 ng hapon. Agad na nagtungo ang mga pulis sa paaralan upang magsagawa ng imbestigasyon.


GMA NEWS ONLINE

NEWS

PNP SAYS

**3 minor students caught with marijuana Batangas school**

By GMA Integrated News

Published January 18, 2025 3:20pm



Three minor students were nabbed after they were caught in possession of alleged marijuana at a high school in Balayan, Batangas, the Philippine National Police (PNP) reported.

### Pagsusuri ng Sitwasyon

1. Tungkol saan ang balita?
2. Ano ang dahilan ng pangyayari sa balita?
3. Ano ang iyong naramdaman sa naging desisyon ng gurong nagsumbong sa mga awtoridad tungkol sa insidente?
4. Kung ikaw ay nakasaksi sa insidente, ano ang iyong magiging hakbang o gagawin?
5. Ano ang naging gabay mo sa pagpili ng hakbang na iyon?
6. Paano nakaapekto ang iyong konsensiya sa iyong naging pasiya?



LIVEWORKSHEETS